# KOMUNIDAD NG PAARALAN PROGRAMANG MGA GAWAD

Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area)

## Mga Pamamaraan at Panuntunan

## Ika-7 ng Disyembre, 2018

# Talaan ng mga Nilalaman

**SEKSIYON I – PANGKALAHATANG IMPORMASYON................................ 3**

**SEKSIYON II – MGA LAYUNIN ........................................................ 5**

**SEKSIYON III – MGA KINAKAILANGAN AT PAMAMARAAN SA APLIKASYON ........................................................................ 5**

**SEKSIYON IV – PAMANTAYAN NG PAGSUSURI AT PAGPUPUNTOS ......... 9**

**SEKSIYON V – PAGKATAPOS NA MATANGGAP ANG GAWAD................. 10**

**APENDISE A – Cover Sheet ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan ........................................................................ 12**

# Programang mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan

## MGA PANUNTUNAN

## SEKSIYON I – PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### Buod ng Programa

Naghahandog ang Bay Area Air Quality Management District ("BAAQMD" o "Air District") ng maliliit na mga gawad sa mga guro, student leader, at parent leader sa mga pampublikong K-12 na paaralan sa Bay Area. Ang pinakamataas na kaloob na gawad ay $2,500 para sa mga proyektong matatapos sa ika-30 ng Hunyo, 2020. Ang pangunahing layunin ng mga gawad ay upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa agham ng kalidad ng hangin, ang kaugnayan sa pagitan ng kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan, at ang epekto ng pagpaparumi sa hangin sa pandaigdig na klima. Magsisilbi rin ang mga gawad na ito upang hikayatin ang magkakasamang pagtutulungan sa pagitan ng Air District at mga komunidad ng paaralan sa pagpapababa ng pagpaparumi sa hangin. Ang mga paaralan na matatagpuan sa CARE (Community Air Risk Evaluation, Pagtaya ng Panganib ng Hangin sa Komunidad) o AB 617 na mga komunidad[1] ay uunahin para sa pagpopondo. Gagawin ng Air District na magagamit ang mga gawad na pondo sa buong rehiyon sa bawat fiscal year habang hinihintay ang pag-apruba ng Lupon sa mga nakalaang budget sa Mga Gawad na Pagpopondo para sa Komunidad.

### Iskedyul

| Mga Pansamantalang Petsa | Pagkilos |
|---|---|
| Ika-7 ng Disyembre, 2018 | Pagpapalabas ng mga Panuntunan ng Programa / Panawagan para sa mga Aplikasyon |
| Ika-31 ng Enero, 2019 | Takdang petsa ng mga Aplikasyon |
| Ika-18 ng Pebrero, 2019 | Inabisuhan ang mga ginawaran |
| Abril 2019 | Umiiral at magagamit ang mga kasunduan ng mga gawad |
| Abril 2019-ika-30 ng Hunyo, 2020 | Isakatuparan ang gawain |
| Ika-30 ng Hunyo, 2020 | Takdang panahon ng mga panghuling invoice at mga ulat |

[1] **Mga CARE na Komunidad at AB 617 na mga Komunidad**
Mangyaring tingnan ang http://www.baaqmd.gov/~/media/files/planning-and-research/care-program/revised-2013-care-communities-pdf.pdf?la=en para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga CARE na komunidad, na nasa loob ng anumang lugar ng exceedance o epekto na ipinapakita sa naka-link na mapa.
Mangyaring tingnan ang http://www.baaqmd.gov/~/media/files/ab617-community-health/ab617_baaqmd-initialsubmittal-pdf.pdf?la=en para sa higit pang impormasyon tungkol sa AB 617 na mga komunidad, na alinman sa mga lugar na ipinapakitang may kulay sa p. 2 o p. 14 ng naka-link na titik.

## Sino ang Maaaring Mag-apply

Karapat-dapat at hinihikayat ang mga guro, student leader, at parent leader sa mga pampublikong K-12 na paaralan sa Bay Area na mag-apply. Para sa mga proyekto na pinamumunuan ng estudyante o magulang, kailangan ang pag-apruba ng punong-guro ng paaralan para sa aplikasyon.

## Mga Halaga ng Kaloob

Magagamit ang kabuuang $50,000 para sa Mga gawad sa Komunidad ng Paaralan. Ang pinakamalaking gawad na kaloob ay $2,500.

## Tagal ng Panahon

Lahat ng gawain na pinondohan ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan ay dapat matapos sa ika-30 ng Hunyo, 2020.

## Mga halimbawa ng mga Aktibidad na Karapat-dapat para sa Pagpopondo ng Air District

- Mga proyektong may kaugnayan sa kalidad ng hangin na pinamumunuan ng guro, magulang, o estudyante sa mga lugar ng paaralan (kailangan ang pag-apruba ng punong-guro ng paaralan)
- Paggawa ng Plano sa Pagiging Handa sa Emergency sa Pagpaparumi sa Hangin
- Suportang Pananalapi para sa Agham, Teknolohiya, Inhinyeriya, Matematika (Science, Technology, Engineering, and Mathematics, S.T.E.M.) ng Paaralan Mga aktibidad ng Samahan na may kaugnayan sa pagpapabuti ng kalidad ng hangin (Agham, Teknolohiya, Inhinyeriya, Matematika)
- Mga kampanyang Spare the Air Idle Free Bay Area sa mga lugar ng paaralan
- Suporta para sa isang science fair ng kalidad ng hangin
- Mga poster contest at paglikha ng mga kalendaryo na ang tema ay kalidad ng hangin
- Paggamit ng mga sensor ng hangin upang mangolekta at bigyan ng kahulugan ang data para sa mga layuning pang-edukasyon (Mangyaring tandaan: *ang mga sensor ng hangin ay nakalaan na maging pang-edukasyon at hindi panregulasyon. Hindi magagamit ang mga ito para sa pagbibigay ng pahintulot, pagsunod, patakaran, o pagbibigay ng kahulugan ng mga epekto sa kalusugan).*
- Mga panturong materyales tulad ng mga libro, video, kagamitang kaugnay ng edukasyon sa kalidad ng hangin
- Mga proyekto ng paaralan sa pagtatanim ng puno
- Propesyonal na development para sa kalidad ng hangin o kaugnay ng klima na edukasyong agham

## Mga Aktibidad na hindi Karapat-dapat para sa Pagpopondo ng Air District

Hindi popondohan ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan ang:

- Halaga ng paghahanda o pagsumite ng aplikasyon para sa gawad
- Pagsisikap na matamo ang impluwensiya ng isang politiko o pampublikong opisyal (Lobbying)
- Pagbili ng mga pantakip sa mukha upang masala ang hangin
- Mga kampanya para sa donasyon
- Mga aktibidad upang makalikom ng pondo
- Pangangalakal ng mga produkto o teknolohiya upang kumita

Hindi karapat-dapat ang anumang gawain na isinagawa bago ganap na ipatupad ang isang kasunduan ng gawad sa Air District para sa pagpopondo ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan.

# SEKSIYON II – MGA LAYUNIN

Ang mga pangunahing layunin ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan ay upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa agham ng kalidad ng hangin, ang kaugnayan sa pagitan ng kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan, at ang epekto ng pagpaparumi sa hangin sa pandaigdig na klima. Magsisilbi rin ang mga gawad na ito upang hikayatin ang magkakasamang pagtutulungan sa pagitan ng Air District at mga komunidad ng paaralan sa pagpapababa ng pagpaparumi sa hangin.

# SEKSIYON III – MGA KINAKAILANGAN AT PAMAMARAAN SA APLIKASYON

## Takdang Panahon ng Aplikasyon

Dapat na i-upload ang mga aplikasyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Procurement Portal ng Air District nang hindi lalampas sa *5:00 p.m. sa Huwebes, ika-31 ng Enero, 2019.* Tanging mga kumpletong aplikasyon na tinanggap sa takdang panahon ang susuriin; hindi tatanggapin ang mga hindi kumpletong aplikasyon. ***Mangyaring tingnan ang detalyadong mga tagubilin tungkol sa proseso ng pagsusumite sa elektronikong paraan sa susunod na bahagi ng seksiyon na ito.***

## Checklist ng Aplikasyon

***Hindi susuriin ang anumang item na isinumite maliban sa mga tinukoy sa Checklist na ito.***

Cover sheet – Pinakamataas na 1 pahina (kailangan)

Dapat lagdaan ang Cover Sheet (Apendise A) ng Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan ng Air District ng isang tao na may kapangyarihang legal na gawing may bisa ang inyong organisasyon (kailangan ang lagda ng punong-guro). Sa mga elektronikong aplikasyon, ang naka-type na pangalan ay legal na katumbas ng isang lagda.

Pagsasalaysay ng Proyekto – Pinakamataas na 1 pahina (kailangan):

Ang mga pagsasalaysay ng proyekto ay dapat na maigsi subalit malaman, at sapat at malinaw na tinatalakay ang lahat ng sumusunod na kinakailangang bahagi.

a) *Buod ng Proyekto* – Magbigay ng malinaw at maigsi ngunit malaman na buod ng kung paano hinarap ng inyong proyekto ang agham ng kalidad ng hangin, mga epekto sa kalusugan ng kalidad ng hangin, o ang epekto ng pagpaparumi sa hangin sa pandaigdig na klima.

b) *Pagpapahayag ng Pangangailangan* – Mangyaring magbigay ng maigsing paglalarawan kung bakit ninyo kailangan ang pagpopondo na ito. Matatagpuan ba ang proyektong ito sa isang CARE o AB 617 na komunidad, o makikinabang ba sa pagpopondo na ito ang populasyon ng estudyante mula sa mababa ang kita? Kung kinikilala kayo bilang isang paaralan na may malaking populasyon ng estudyante na mula sa mababa ang kita, mangyaring ilarawan kung anong porsiyento ng inyong mga estudyante ang tumatanggap ng libre o mas murang tanghalian.

c) *Mga Aktibidad na Suportado ng Proyektong ito* – Magbigay ng buod ng mga aktibidad na suportado ng proyektong ito at kung naaangkop, ang mga materyales na gagamitin para sa proyekto. Kung plano ninyo na gumamit ng pagpopondo upang bumili ng teknolohiya o partikular na software, mangyaring ilarawan kung muling magagamit ang mga ito sa mga darating na taon. Kung magpapatupad ng isang partikular na kurikulum, mangyaring tukuyin (ibig sabihin, Kids Making Sense).

d) *Pagsukat ng Tagumpay* – Malinaw na ipahayag ang mga sukatan kung paano susuriin ang tagumpay. Ilarawan ang pamantayan na magpapasya kung natamo ng proyekto ang mga mithiin at layunin nito. Maaaring gamitin ang kombinasyon ng parehong qualitative at quantitative na mga sukatan.

e) *Impormasyon sa Pagsali ng Estudyante* – Mangyaring ilarawan ang bilang ng mga estudyante na sasali o makikinabang mula sa proyekto pati na rin ang impormasyong demograpiko tungkol sa populasyon ng estudyante sa inyong paaralan. Kung nag-a-apply kayo para sa pagpopondo ng propesyonal na development o para sa simulain sa paaralan na pinamunuan ng magulang o estudyante, mangyaring ilarawan kung ilang estudyante ang maapektuhan ng proyekto sa takdang panahon ng gawad. Bilang pangwakas, para sa 6$^{th}$ -

12th grade na mga aplikante, mangyaring ipahayag kung ang inyong komunidad ng paaralan ay handang sumali sa isang panghinaharap na pagpupulong ng Kabataan para sa Kapaligiran at Pagpapanatili (Youth for the Environment and Sustainability, YES)[2]. Para sa mga paaralang elementarya, mangyaring ilarawan kung handa kayong makipagtulungan sa Communications team ng Air District upang itampok ang inyong proyekto sa social media ng Air District.

Budget ng Proyekto – Pinakamataas na 1 pahina (kailangan)

Magbigay ng kabuuang budget para sa panukalang proyekto kabilang ang mga halaga ng anumang materyales o gamit. Kung ang inyong proyekto ay suportado ng iba pang mga pinagkukunan ng pagpopondo, mangyaring tukuyin ang mga ito at ilista kung ano ang porsiyento ng proyekto na sinusuportahan nitong karagdagang mga pinagkukunan ng pagpopondo.

## Pagfo-format

Ang mga aplikasyon ay dapat na single-spaced, may pinakamaliit na 1-pulgadang margin at 12-point font. Magsisilbi ang Cover Sheet (Apendise A) ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan ng Air District bilang cover sheet/ title page ng aplikasyon. Ang mga aplikasyon ay dapat na may pangalan ng nag-a-apply na paaralan at numero ng pahina sa bawat pahina. Dapat na isumite ang mga aplikasyon sa file format na Adobe Acrobat PDF.

## Proseso ng Pagsusumite sa Elektronikong Paraan

Dapat na gumawa ang mga interesadong aplikante ng isang account sa Procurement Portal ng Air District at gamitin ang link na ibinigay sa ibaba upang isumite ang mga kinakailangang aplikasyon. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na nai-fax, ipinadala sa koreo, ini-email o ipinadala sa courier.

Paggamit sa Procurement Portal ng Air District upang isumite ang inyong aplikasyon:

Step 1: Pumunta sa Procurement Portal sa:
https://baaqmd.bonfirehub.com/portal/?tab=openOpportunities

Step 2: Sa ilalim ng Login tab, gumawa ng isang Bonfire account sa ilalim ng ‘New Vendor Registration.’ Punan ang lahat ng field at piliin ang ‘Create account.’ Ipadadala ang isang Account Confirmation Email sa email address na ibinigay ninyo. Sa sandaling matanggap, buksan ang email at sundin ang mga tagubilin para kumpirmahin ang inyong account.

Step 3: Bumalik sa Bonfire account at gumawa ng isang ‘Vendor Record.’ Kumpletuhin ang lahat ng field at piliin ang ‘Yes’ para sa mga email notification, upang makatanggap ng mga

[2] Ang Pagpupulong ng YES (Youth for the Environment and Sustainability) ay isang taunang kaganapan na pinangangasiwaan ng Bay Area Air Quality Management District at ng Metropolitan Transportation Commission. Maghanap ng higit pang impormasyon sa pagpupulong na ito ng nakalipas na taon sa: http://www.sparetheairyouth.org/2018-yes-conference

paparating na mga paalala ng nakatakdang petsa, o iba pang angkop na impormasyon na may kaugnayan sa programa ng gawad.

Step 4: Sa sandaling magawa ang Bonfire account, makaka-access ka sa opsiyon ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan. Dito ay mada-download mo ang mga tagubilin ng programa ng gawad, maia-upload ang inyong natapos na aplikasyon, at makikita ang mga FAQ na bubuuin at ipo-post sa panahon ng bukas na aplikasyon.

Step 5: Habang naka-log in sa Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan, piliin ang 'Prepare Submission.' I-upload ang inyong dokumento (ang inyong buong aplikasyon). Sa sandaling maisumite, makatatanggap kayo ng resibo ng pagsusumite at code ng kumpirmasyon.

## Impormasyon Tungkol sa Matatawagan

Ang mga aplikante ng gawad ay hinihikayat na talakayin ang kanilang mga aplikasyon sa gawad sa Air District staff bago ang pagsusumite. Ang pangunahing matatawagan para sa Programang Gawad sa Komunidad ng Paaralang ay si:

Ana Vasudeo
Espesyalista sa Paglahok ng Komunidad
communitygrants@baaqmd.gov

## SEKSIYON IV – PAMANTAYAN NG PAGSUSURI AT PAGPUPUNTOS

Susuriin ang mga aplikasyon pagkatapos ng takdang panahon ng pagsusumite, at susuriin ang mga karapat-dapat na proyekto at iraranggo alinsunod sa pamantayan ng pagpupuntos na inilalarawan sa ibaba.

| | **Mga Posibleng Puntos** |
|---|---|
| Natutugunan ang mga layunin ng Programang Mga Gawad | 40 |
| Potensyal na epekto sa maraming estudyante | 25 |
| Pakinabang sa mga CARE/AB 617 na komunidad o populasyon ng estudyanteng mula sa mababang kita | 25 |
| Kahandaang itanghal sa panghinaharap na pagpupulong ng YES o itampok ang inyong proyekto sa social media ng Air District | 10 |
| | |
| **KABUUANG Posibleng Puntos** | **Kabuuan 100** |

1) <u>Natutugunan ang mga layunin ng Programang Mga Gawad [40 puntos]</u>
   Malinaw na hinaharap ng mga aktibidad ng proyekto ang agham ng kalidad ng hangin, mga epekto sa kalusugan ng kalidad ng hangin, o ang epekto ng pagpaparumi sa hangin sa pandaigdig na klima.

2) <u>Potensyal na epekto sa maraming estudyante [25 puntos]</u>
   Ang mga aplikasyon na naglalarawan kung paano makikinabang mula sa mga ito ang hindi bababa sa 20 estudyante ay pupuntusan nang mas paborable kaysa iba. Hinihikayat ang mga aplikante na tukuyin kung paanong ang panukalang mga aktibidad ay magkakaroon ng malawak na epekto sa estudyante sa lugar ng kanilang paaralan at na tantyahin ang bilang ng mga estudyanteng maaapektuhan.

3) <u>Mga kapakinabangan sa mga CARE/AB 617 na komunidad o populasyon ng estudyanteng mula sa mababa ang kita [25 puntos]</u>
   Ang mga aktibidad na nagaganap sa loob ng isang CARE/AB 617 komunidad, naglilingkod sa isang CARE/AB 617 na komunidad, at/o nagbibigay ng benepisyo sa isang CARE/AB 617 na komunidad ay pupuntusan nang mas paborable. Kung ang panukalang proyekto ay hindi matatagpuan sa isang CARE/AB 617 na komunidad, ang mga proyektong malinaw na nagbibigay ng kapakinabangan sa populasyon ng estudyanteng mula sa mababa ang kita ay pupuntusan din nang mas paborable. Upang maging kuwalipikado bilang isang paaralan na naglilingkod sa mababa ang kita, dapat na tumatanggap ang hindi bababa sa 50% ng populasyon ng estudyante ng libre o mas murang tanghalian.

4) <u>Kahandaang itanghal sa panghinaharap na pagpupulong ng YES o itampok ang inyong proyekto sa social media ng Air District [10 puntos]</u>
   Lawak na kung saan ang komunidad ng paaralan ay handang itanghal sa isang pagpupulong ng YES o itampok ang kanilang proyekto sa social media ng Air District.

## SEKSIYON V – PAGKATAPOS NA MATANGGAP ANG GAWAD

### Proseso ng Pagkakaloob

Iaanunsiyo ang mga pagkakaloob sa ika-18 ng Pebrero, 2019. Aabisuhan ang mga aplikante sa elektronikong paraan matapos na paunang maaprubahan ang mga proyekto para sa pagpopondo ng pangkat sa Paglahok ng Komunidad ng Air District. Gayunpaman, ang panghuling pag-apruba para sa pagpopondo ay magaganap lamang kapag nilagdaan na ang isang kasunduan sa gawad ng parehong ginawaran at ng Air District (ibig sabihin, ganap na naisakatuparan). Maghahanda ang Air District staff ng mga kasunduan ng mga gawad na nagtatakda ng mga tuntunin, kundisyon, at mga kinakailangan sa pagsubaybay at pag-uulat ng bawat Gawad sa Komunidad ng Paaralan**. Sa pamamagitan ng mga kasunduan ng gawad, ang mga ginawaran ay legal na obligadong tugunan ang mga partikular na kinakailangan**, kabilang ang pag-aabiso sa Air District ng anumang pagbabago sa pagsasagawa ng proyekto, at pagsumite ng panghuling ulat. **Kung hindi sumunod ang isang ginawaran sa lahat ng mga tuntunin at kundisyon ng isang kasunduan ng gawad o mabigong tapusin ang mga dapat na ibigay ng proyekto, maaaring magbayad ang ginawaran ng bahagi o lahat ng iginawad na pagpopondo, at maaaring hindi na maging karapat-dapat na sumali ang ginawaran sa panghinaharap na mga programang gawad ng Air District.** Kung ipinagkaloob ng Air District ang isang halaga na iba mula sa halagang hiniling, makikipagtulungan ang Air District staff sa ginawaran upang angkop na iayon ang mga dapat ibigay, kinahinatnan at mga timeline. Sa pagpapatupad ng kasunduan ng gawad, makakapagsimula na ang ginawaran sa gawain sa mga pinondohang aktibidad nito.

### Pagbabayad ng Mga Pagpopondong Gawad

Gagawin ang iskedyul ng pagbabayad sa kasunduan ng gawad para sa bawat proyekto. Walang pagpopondo na ilalabas hanggang ganap na maisakatuparan ang kasunduan ng gawad ng ginawaran at ng Air District. Sa pangkalahatan, ang pagbabayad ay magiging isang beses na kabuuang halaga na magiging available sa loob ng tatlumpung araw ng pagkakaroon ng isang ganap na naisakatuparang kontrata. Kakailanganin ang sapat na pagkumpleto ng lahat ng dapat ibigay at pagsusumite ng isang kumpletong panghuling ulat. Dapat isumite ang katunayan ng mga paggastos ng pondo at mga kopya ng anumang resibo bilang bahagi ng panghuling ulat.

### Pag-uulat

Kailangang magsumite ang mga ginawaran ng isang panghuling ulat ng kanilang mga aktibidad kaugnay ng gawad sa ika-30 ng Hunyo, 2020. Dapat isama sa mga ulat ang mga resibo para sa anumang gastusin at isang maigsing pagsasalaysay ng proyekto. Dapat ilarawan ng ulat ang kabuuang bilang ng mga estudyante na pinagsilbihan at ang demograpikong impormasyon tungkol sa mga kasali. Para sa mga proyektong propesyonal na development, dapat iulat ng mga ginawaran ang epekto ng kanilang propesyonal na pagsasanay sa kanilang komunidad ng paaralan. Para sa mga simulaing pinamunuan ng magulang o estudyante, dapat iulat ng mga ginawaran ang anumang pagpupulong o plano na nabuo mula sa proyekto. Dapat ding isama ang mga larawan (kung naaangkop) sa panghuling ulat. Kung magkaroon ng anumang

pagbabago sa orihinal na napagkasunduang saklaw ng gawain, dapat makipag-ugnayan ang mga ginawaran sa Air District upang baguhin ang Plano ng Gawain ng Kasunduan sa Gawad. Ginagamit ang mga panghuling ulat upang pag-aralan ang epekto ng pamumuhunan ng Air District at makatulong sa paghubog ng panghinaharap na mga programang gawad. Gagamitin ang lahat ng ulat upang magbahagi ng impormasyon at itaguyod ang mga tagumpay sa mga ginawaran at sa mas malaking komunidad ng Bay Area.

Ibibigay ang mga format at kinakailangan sa ulat sa mga ginawaran kasama ng mga materyales na ipinagkaloob sa kanila.

## Mga pulong

Titipunin ng Air District sa isang pulong ang lahat ng ginawaran sa Spring ng 2019 upang ibahagi ang impormasyon tungkol sa proyekto, itaguyod ang mga pakikipagtulungan at mahahalagang pagtutulungan sa pagitan ng Air District at mga komunidad ng paaralan, at magbigay ng mga update tungkol sa panghinaharap na mga plano ng pagpupulong ng YES. Mahigpit na hinihikayat ang pagdalo sa panimulang pulong na ito, ngunit hindi sapilitan.

# APENDISE A

## Cover Sheet ng Programang Mga Gawad sa Komunidad ng Paaralan

### I. Aplikante

Pangalan ng Paaralan: ______________________________________________

Uri: ☐ K-5 School ☐ Middle School ☐ High School

Pangalan ng Distrito ng Paaralan: ______________________________________

Ang inyo bang paaralan ay nasa isang CARE o AB 617 na Komunidad?

☐ Hindi ☐Oo, mangyaring tukuyin: ____________________

Anong porsiyento ng inyong populasyon ng estudyante ang tumatanggap ng libre o mas murang tanghalian? ________________%

Address ng Paaralan: ______________________________________________

Lungsod: ______________________________ Zip Code: ______________________________

Website: ______________________________ County: ______________________________

Pangunahing Tao na Matatawagan: ____________________________________

☐ Guro ☐ Magulang ☐ Estudyante Titulo: ______________________________

Telepono #: ____________________________ E-mail: ______________________________

Lagda ng Punong-guro ng Paaralan: ____________________________________

Telepono #: ____________________________ E-mail: ______________________________

### II. Proyekto

Pamagat ng Proyekto: ______________________________________________

Kategorya ng Programa: ☐ Field Trip ☐ Propesyonal na Development ☐ Iba pa

Kabuuang Halaga ng Proyekto: $ ____________ Kabuuang Hiniling na Pagpopondo: $__________

***Tao na awtorisadong pumasok sa isang pormal na kasunduan sa Air District:***

Ako, ____________________________, ay nagpapahintulot na isumite ang aplikasyon ng gawad na ito at pinatutunayan na ang lahat ng impormasyon ay tama at tumpak na sumasalamin sa saklaw, mga halaga, timeline, at pagiging available ng pagpopondo ng proyekto.

Lagda: _________________________ Titulo: _________________________